


MGA TANONG AT SAGOT SA
PAMAMAHALA NG LIKAS-YAMAN
AT IBA PANG MAHALAGANG PROBISYON

BATAS REPUBLIKA BILANG 9054

Aktang Organiko para sa
Rehiyong Awtonomo
sa Muslim Mindanao
(ARMM)



Published in October 2003 by:

The Philippine Environmental Governance Program,
Department of Environment and Natural Resources, Manila
Department of Environment and Natural Resources, ARMM

in cooperation with:

The ARMM Regional Legislative Assembly

with technical and production support from:

The Philippine Environmental Governance Project

Produced by the Department of Environment and Natural Resources-United States Agency for International Development's (DENR-USAID) Philippine Environmental Governance (EcoGov) Project through the assistance of the USAID under USAID PCE-1-00-99-00002-00 EcoGov Project No. 4105505-006. The views expressed and opinions contained in this publication are those of the authors and are not intended as statements of policy of USAID or the authors' parent organization.



Republic of the Philippines
Autonomous Region in Muslim Mindanao
REGIONAL LEGISLATIVE ASSEMBLY
Cotabato City

Message

Assalamu Alaykum Warahmatullahi Wabarakatuh!

I would like to congratulate the Regional Legislative Assembly's Committee on Environment and Natural Resources and the Department of Environment and Natural Resources-Autonomous Region in Muslim Mindanao (DENR-ARMM) for the production of this pamphlet, *Questions and Answers on Natural Resources Management and Other Pertinent Provisions of the Republic Act No. 9054*.

This will be an invaluable reading material to everyone who wants to know the roles and responsibilities of the people of the Autonomous Region with regards to the management of the natural resources. The Regional Legislative Assembly believes that the environment should be protected and managed for our future generation.

We also welcome the support initiated under the Philippine Environmental Governance Program of the DENR with technical assistance from the Philippine Environmental Governance Project.

Wassalam!

HON. ISMAEL B. ABUBAKAR, JR.

Speaker, Regional Legislative Assembly
Assemblyman, Lone District of Tawi-Tawi



Republic of the Philippines
Autonomous Region in Muslim Mindanao
REGIONAL LEGISLATIVE ASSEMBLY
Cotabato City

Message

Assalamu Alaykum Warahmatullahi Wabarakatuh!

This pamphlet is a good initial reading material for those who want to know about the legal mandate of the Regional Government in the management of our natural resources as defined in Republic Act No. 9054, otherwise known as the “Expanded Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao.”

It presents specific provisions describing the powers of the Legislative, Executive and Judicial Departments, as well as sources and sharing of revenues and authority of the Regional Government over the natural resources located within the autonomous region’s jurisdiction.

The Regional Legislative Assembly’s Committee on Environmental and Natural Resources would also like to extend its thanks to the DENR of the Autonomous Region in Muslim Mindanao (DENR-ARMM) and the Philippine Environmental Governance Project for their assistance in the production of this document.

A handwritten signature in black ink, appearing to read "Suharto S. Midtimbang". The signature is stylized and somewhat abstract.

SUHARTO S. MIDTIMBANG

Assemblyman, 2nd District of
Maguindanao
Speaker Pro-Tempore
Chair, Committee on Environment and
Natural Resources



Republic of the Philippines
Autonomous Region in Muslim Mindanao
Department of Environment and Natural Resources
Office of the Regional Secretary
ARMM Compound, Cotabato City



Message

Assalamu Alaykum Warahmatullahi Wabarakatuh!

This primer presents some important provisions of Republic Act No. 9054 in a question-and-answer form pertaining to the management of the Autonomous Region's environment and natural resources.

Also included are a number of information regarding the powers, authority and responsibilities of the Executive, Legislative and Judicial branches of the Autonomous Regional Government.

With this primer, we hope the readers will better appreciate the role of the Regional Government in the protection and rehabilitation of the patrimony of the region.

Mabuhay ang Autonomous Region.

Wassalam.


KABUNTALAN P. EMBLAWA, AI-Haj
Regional Secretary

1. Mga Pangkalahatang Probisyon

Q

Ano ang Batas ng Republika (Republic Act o RA) Blg. 9054?

A

Ito ang pinatibay at pinalawak na Aktang Organiko para sa Rehiyong Awtonomo sa Muslim Mindanao (Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao). Inamiyendahan nito ang Batas Republika (RA) Blg. 6734 na pinamagatang “Aktang Nagtatatag ng Rehiyong Awtonomo sa Muslim Mindanao (ARMM).”

Q

Ang ARMM ba ay bahagi ng Republika ng Pilipinas?

A

Oo. Ang ARMM ay nanatiling isang mahalaga at ‘di-maihihiwalay na bahagi ng pambansang teritoryo ng Republika ng Pilipinas. (Art. III, Sek. 1)

Q

Paano pamumunuan at pamamahalaan ang ARMM?

A

Ang ARMM ay pamumunuan at pamamahalaan ayon sa:

1. Mga batas na pinagtibay ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan (Regional Legislative Assembly); at
2. RA Blg. 9054. (Art. III, Sek. 1)

Q

Anu-ano ang mga kapangyarihan at katungkulan ng Pamahalaang Pangrehiyon?

A

Gagampanan ng Pamahalaang Pangrehiyon ang mga kapangyarihan at katungkulan na tahasang ibinigay sa kanya ng RA 9054, o ang kinakailangan para sa, o may kaugnayan sa, tamang pamamahala at pagpapaunlad ng lahat ng bumubuo sa rehiyong awtonomo. (Art. IV, Sek. 1)

Q

Ano ang mga limitasyon sa pagpapatupad ng mga kapangyarihan at katungkulan ng Pamahalaang Pangrehiyon??

A

Ang pagpapatupad ng mga kapangyarihan at katungkulan ng Pamahalaang Pangrehiyon ay dapat:

1. Sumasailalim sa mga itinatadhana ng Saligang Batas; at
2. Naaayon sa alituntunin hinggil sa pangrehiyon at lokal na awtonomiya at disentralisasyon. (Art. IV. Sek. 1)

2. Sangay Tagapagbatas

Q

Saan ipinasailalim ang kapangyarihang makapag-akda ng batas sa ARMM?

A

Ang kapangyarihang makapag-akda ng batas ay ipinasailalim sa Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan (Regional Legislative Assembly). Di saklaw nito ang mga

kapangyarihang ibinigay na sa mga mamamayan ayon sa mga probisyon hinggil sa inisyatiba at reperendum na naayon sa batas. (Art. VI, Sek.1)

Q *Ang ARMM ba ay maaring gumawa ng sarili nitong Kodigong Administratibong Pangrehiyon at Pangrehiyong Kodigopara sa Pampamahalaang Lokal?*

A Oo. Subali't, ayon sa RA 9054:

1. Ang mga kodigong ito ay dapat naaayon sa Saligang Batas; at
2. Ang mga kapangyarihan at katungkulang nasa kamay na ng pamahalaang lokal (tulad ng lalawigan, lungsod, munisipalidad at barangay) at ang kanilang kabahagi o parte sa mga pambansang buwis sa ilalim ng Batas Republika 7160, na kilala bilang Kodigong Pampamahalaang Lokal ng 1991, ay hindi mababawasan. (Art. IV, Sek. 1)

Q *Ano ang saklaw ng kapangyarihan sa paggawa ng batas ng Panrehiyong Kapulungang Pambatasan?*

A Sa pangkalahatan, ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ay maaring gumamit ng kapangyarihan sa paggawa ng batas sa rehiyong awtonomo para sa kapakinabangan ng mga mamamayan nito at sa pagpapaunlad ng rehiyon. (Art. IV, Sek. 3).

Q *Maari bang gamitin ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ang kanyang kapangyarihan sa paggawa ng batas sa mga usaping may kinalaman sa kalikasan at likas-yaman sa rehiyong awtonomo?*

A Oo.

Q *Ano ang hangganan sa kapangyarihan sa paggawa ng batas ng Panrehiyong Kapulungang Pambatasan?*

A Ang Panrehiyong Kapulungang Pambatasan ay hindi maaring gumawa ng batas ukol sa mga sumusunod:

1. Ugnayang panlabas;
2. Tanggulang bansa at kaligtasan;
3. Lingkurang pang-koreo;
4. Paggawa ng salapi metal at mga patakarang piskal at pananalapi;
5. Paggawad ng katarungan; subali't, maari itong magsagawa ng batas sa mga bagay na saklaw ng Shari'ah. Ang Shari'ah ay para lamang sa mga Muslim. Ang aplikasyon nito ay nililimita ng mga alituntunin ng Saligang Batas, lalo na ang pagbabawal sa malupit at 'di-karaniwang pagpaparusa, at ng mga batas pambansa na nagtataguyod ng karapatang pantao at mga panuntunang pambatas na tanggap sa lahat ng dako.
6. Kuwarentenas;
7. Adwana at taripa;
8. Pagkamamamayan;
9. Naturalisasyon, imigrasyon, at deportasyon;
10. Panlahatang awdit;
11. Pambansang halalan;

12. Maritima, transportasyong panlupa at panghimpapawid, at komunikasyon. Subali't, ang pamahalaang awtonomo ay maaring magtaglay ng kapangyarihang magkaloob ng mga prangkisa, lisensya at pahintulot sa transportasyong panlupa, pandagat, at panghimpapawid na nagpaparoo't- parito sa mga daanan sa mga lalawigan at lungsod sa loob ng rehiyon, at mga kagamitang pang-komunikasyon na ang mga *frequency* at punong tanggapan ay nasa loob lamang ng rehiyong awtonomo;
13. Mga patente, tatak-kalakal, ngalang-kalakal, at mga karapatang mag-akda; at
14. Kalakalang panlabas.

3. Sangay Tagapagpaganap (oEhekutibo)

Q

Saan nakapasailalim ang kapangyarihang tagapagpaganap ng pamahalaang awtonomo?

A

Ang kapangyarihang tagapagpaganap ay nasa kamay ng Punong Pangrehiyon (Regional Governor). Siya ay ihalal ng mga kwalipikadong botante ng rehiyong awtonomo. (Art. VII, Sek. 1)

Q *Sino ang punong tagapagpaganap ng Pamahalaang Pangrehiyon?*

A Ang Punong Pangrehiyon ang punong tagapagpaganap ng Pamahalaang Pangrehiyon. Siya ay tutulungan ng isang kabineteng bubuin ng hindi hihigit sa sampung kasapi. Sa mga kasaping ito, 'di naman bababa sa anim ang dapat ay magmumula sa mga pamayanang katutubo. (Art. VII, Sek. 2)

Q *Itinadhana ba ng RA 9054 ang paghirang ng mga Kawaksiing Punong Pangrehiyon (Deputy Regional Governors)?*

A Oo. Ang Punong Pangrehiyon ay maghihirang ng tatlong kawaksi na kumakatawan sa mga Kristiyano, mga pamayanang katutubo, at mga Muslim sa rehiyon. (Art. VII, Sek. 6)

Q *Itinatadhana ba ng RA 9054 ang pagbuo ng konsehong tagapagpaganap para sa ARMM?*

A Oo. (Art. VII, Sek. 6)

Q *Sino ang bubuo sa konsehong tagapagpaganap?*

A Ang Punong Pangrehiyon, ang Pangalawang Punong Pangrehiyon, at ang tatlong Kawaksiing Punong Pangrehiyon ang bubuo sa konsehong tagapagpaganap ng pamahalaang awtonomo. (Art. VII, Sek. 6)

Q

Anu-ano ang mga kapangyarihan at katungkulan ng konsehong tagapagpaganap?

A

Ang konsehong tagapagpaganap ang siyang magpapayo sa Punong Pangrehiyon hinggil sa mga usapin sa pamamahala ng rehiyong awtonomo. Ang Punong Pangrehiyon ay maaring magtalaga ng mga kapangyarihan at katungkulan sa konsehong tagapagpaganap upang itaguyod ang panlahatang kagalingan ng mga mamamayan ng rehiyong awtonomo alinsunod sa mga batas na pinagtibay ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan. (Art. VII, Sek. 6)

Q

Anong ugnayang pampamahalaan ang umiiral sa pagitan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas at ng Punong Pangrehiyon?

A

Tungkulin ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas na tiyakin na ang mga pagkilos ng Punong Pangrehiyon ay naayon sa batas at saklaw pa ng kanyang mga kapangyarihan at katungkulan. (Art. V, Sek. 1)



4. Paggawad ng Katarungan

Q

Saan nakapasailalim ang mga kapangyarihang panghukuman?

A

Ang mga kapangyarihang panghukuman ay ipinasailalim sa Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas at sa mga mas mababang hukumang itinatag o itatatag ng batas, kabilang ang mga Hukumang Shari'ah. (Art, 8, Sek. 1)

Q

Sa paanong paraan maitatag ang mga Hukumang Shari'ah?

A

Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ang siyang magbibigay daan upang maitatag ang mga Hukumang Shari'ah. Ang mga Hukumang Shari'ah na umiiral na sa petsa nang pagtibayin ang RA 9054 ay patuloy na gagampanan ang kanilang mga tungkulin. (Art. VIII, Sek. 5)

Q

Sino ang babalangkas ng sistemang pambatas ng Shari'ah?

A

Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan, sa pakikipag-sangunian sa Kataastaasang Hukuman at alinsunod sa Saligang Batas, ay maaring bumalangkas ng sistemang pambatas ng Shari'ah, kasama ang mga kasong kriminal. (Art. III, Sec.5)

Q
A

Saan iiral ang sistemang pambatas ng Shari'ah?

Ang sistemang pambatas ng Shari'ah ay iiral sa ARMM. (Art. III, Sek. 5)

Q

Kanino patutungkol ang sistemang pambatas ng Shari'ah?

A

Ang sistemang pambatas ng Shari'ah ay patutungkol lamang sa mga Muslim o sa mga nagpapahayag ng paniniwala sa Islam. (Art. III, Sek. 5)

Q
A

Ano ang saklaw ng mga Hukumang Shari'ah?

Ang mga Hukumang Shari'ah ay sasaklaw sa mga kasong may kaugnayan sa mga bagay na personal, pampamilya at ari-arian, at sa mga transaksyong pang-kalakalan, bukod pa sa mga kasong kriminal na kinasasangkutan ng mga Muslim. Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan, sa pakikipagsanggunian sa Kataas-taasang Hukuman, ay magtatakda ng bilang at detalye ng saklaw ng mga Hukumang Shari'ah. (Art. III, Sek. 5)



Q

Ang RA 9054 ba ay nagbibigay daan para sa pagkakatatag ng isang Tanggapan ng Tulong Pangmadla ng Shari'ah?

A

Oo. Itinatatag ng batas ang Tanggapan ng Tulong Pangmadla ng Shari'ah. Bukod pa rito, itinatadhana rin ng batas ang pagtatatag ng tanggapang ito sa bawat distritong panghukuman ng Shari'ah. (Art. VIII, Sek. 6)

Q

Ano ang tungkulin ng Tanggapan ng Tulong Pangmadla ng Shari'ah?

A

Tungkulin nito ang magbigay ng libreng tulong sa mga mahihirap na may-usapin sa batas.

Q

Itinatatag ba ng RA 9054 ang Hukumang Shari'ah sa Pag-aapila?

A

Oo. (Art. VIII, Sek. 7)

Q

Ano ang saklaw ng Hukumang Shari'ah sa Pag-aapila?

A

Ang Hukumang Shariah sa Pag-aapila ay:

1. Didinig sa mga petisyon para sa *certiorari*, pagbabawal, at *mandamus*, *habeas corpus*, at iba pang proseso na saklaw nito.
2. May eksklusibong saklaw sa mga inaapilang kaso na nilitis sa mga Hukumang Pang-purok ng Shari'ah, ayon sa itinadhana ng batas. (Art. VIII, Sek. 9)

Q

Ano ang katangian ng mga hatol ng mga Hukumang Shari'ah sa Pag-aapila?

A

Ang mga hatol ng Hukumang Shari'ah sa Pag-aapila ay pinalat at maari nang ipatupad. Subali't, ang Kataas-taasang Hukuman, ayon sa Saligang Batas, ay maari pa ring pag-aralan ang nasabing hatol upang ito ay ipatotoo, baguhin, o baliktarin kaya. (Art. VIII, Sek. 10)

Q

Itinatatag ba ng RA 9054 ang mga Hukumang Pang-tribo?

A

Oo. Itinatadhana ng batas ang isang sistema ng mga Hukumang Pang-tribo na maaring kabilangan ng isang Pang-tribong Hukuman sa Pag-aapila. (Art. VIII, Sek. 19).

Q

Para kanino itinatag ang mga Hukumang Pang-tribo?

A

Ang mga Hukumang Pang-tribo ay itinatag para sa mga pamayanang katutubo sa rehiyong awtonomo. (Art. VIII, Sek. 19)

Q

Ano ang saklaw ng mga Hukumang Pang-tribo?

A

Ang mga Hukumang Pang-tribo ay magtatakda, magsasaayos at magpapasiya sa mga problemang kinapapalooban ng kontrobersiya at magpapatupad ng mga kapasiyahang may kaugnayan sa personal, pampamilya

at mga karapatan ukol sa ari-arian ng mga kasapi ng pamayanang katutubo alinsunod sa mga kodigong pang-tribo ng mga nasabing komunidad. (Art. VIII, Sek. 19)

Q

Ang mga Hukumang Pang-tribo ay sumasaklaw ba sa mga kasong kriminal?

A

Oo. Ang mga Hukumang Pang-tribo ay may eksklusibong saklaw sa mga krimeng ginawa ng mga kasapi ng pamayanang katutubo. Kabilang dito ang mga kasalanang ang kaparusahan ay pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na taon o/at multa na hindi hihigit sa P50,000, at kung saan ang napinsala o mga napinsala ay kasapi rin ng nasabing pamayanang katutubo. (Art. VIII, Sek. 19).

Q

Nagbibigay daan ba ang RA 9054 para sa pagkokodipika ng mga kinaugaliang batas?

A

Oo. Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ay magbibigay daan para sa pagkokodipika nga mga batas katutubo at pagtatala ng mga kinaugaliang batas ng mga Muslim at ng pamayanang katutubo sa rehiyong awtonomo. (Art. VIII, Sek. 21)

Q

Kanino patutungkol ang mga itinatadhana ng kodigong Muslim?

A

Ang mga itinatadhana ng kodigong Muslim ay mauukol lamang sa mga Muslim. (Art. VIII, Sek. 22)

Q *Kanino patutungkol ang mga itinatadhana ng kodigong katutubo?*

A Ang mga itinatadhana ng kodigong katutubo ay mauukol lamang sa mga kasapi ng pamayanang katutubo.

Q *Kapag nagkasalungat ang kodigong Muslim at kodigong katutubo, anong batas ang iiral?*

A Ang batas pambansa ang siyang iiral. (Art. VIII, Sek. 22)

Q *Kapag nagkasalungat ang kodigong Muslim o ang kodigong katutubo, sa isang panig, at ang batas pambansa naman sa kabila, anong batas ang mananaig?*

A Ang batas pambansa ang siyang mananaig. (Art. VIII, Sek. 22)

5. Mga Pagkukunan ng Kita

Q *Ang Pamahalaang Pangrehiyon ay may kapangyarihan bang lumikha ng sariling kita at magpataw ng buwis, singil at kabayaran?*

A Oo. (Art. IX, Sek. 1)

Q
A

May limitasyon ba ang kapangyarihang ito?

Oo. Ang kapangyarihang ito ay napasasailalim sa mga itinatadhana ng Saligang Batas at ng RA 9054. Ang ibig sabihin nito, ang kapangyarihang ito ay hindi maaaring gamitin sa mga bagay o sitwasyon na ipinagbabawal ng Saligang Batas at ng RA 9054. (Art. IX, Sek. 1)

Q

Anu-ano ang mga maaring pagkunan ng kita ng Pamahalaang Pangrehiyon?

A

Ang mga maaring pagkunan ng kita ng Pamahalaang Pangrehiyon ay:

1. Mga buwis, maliban sa mga buwis sa kita o *income tax*;
2. Mga singil at kabayaranang ipinataw ng Pamahalaang Pangrehiyon;
3. Mga buwis, singil, at kabayaran para sa pagtatala ng mga sasakyang may motor at para sa pagbibigay ng lahat ng uri ng mga lisensya o pahintulot para sa pagpapatakbo ng mga ito, maliban sa mga traysikel na ipatatala sa lungsod o munisipyo kung saan sila tumatakbo;
4. Mga kabahagi at kita na nagmumula sa pagpapatakbo ng mga kagamitang pambayan sa loob ng rehiyong awtonomo;
5. Mga laang-gugulin, kabahagi sa mga buwis sa panloob na kita, mga kaloob at ibang naibahaging laang-gugulin na galing sa Pamahalaang Sentral o Pamahalaang Pambansa; at

6. Mga kaloob na mula sa mga kasundunang pang-ekonomiya o kumbensyon na pinasok o pinahintulutan ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan, mga donasyon, kaloob, tulong mula sa ibang bansa, at iba pang uri ng tulong ayon sa mga alituntunin ng Saligang Batas. (Art. IX, Sek. 8)

Q

Sa paanong paraan ipamamahagi ang mga nasingil mula sa buwis sa pambansang panloob na kita, mga singil at kabayaran, at mga buwis na ipinataw sa likas-yaman ng isang lalawigan o lungsod sa loob ng ARMM?

A

Ganito ang pagbabahagi ng mga nabanggit:

1. Tatlung bahagdan para sa lalawigan o lungsod;
2. Tatlung bahagdan para sa Pamahalaang Pangrehiyon; at
3. Tatlung bahagdan para sa Pamahalaang Pambansa. (Art. IX, Sek. 9)

Q

Sa paanong paraan hahatiin ang kabahagi ng lalawigan?

A

Ang kabahagi ng lalawigan ay hahatiin sa ganitong paraan:

1. Apatnapu't limang bahagdan para sa lalawigan;
2. Talung bahagdan para sa munisipyo; at
3. Dalawampung bahagdan para sa barangay. (Art. IX, Sek. 9)

Q *Sa paanong paraan ipamamahagi ang kabahagi ng lungsod?*

A Ang kabahagi ng lungsod ay ipamamahagi sa ganitong paraan:

1. Limampung bahagdan para sa lungsod; at
2. Limampung bahagdan para sa kinauukulang barangay. (Art. IX, Sek. 9)

6. Mga Probisyon hinggil sa Pamamahala ng Likas-yaman

Q *Ang Pamahalaang Pangrehiyon ba ay may kapangyarihan sa mga likas-yaman?*

A Oo, ang Pamahalang Pangrehiyon ay may kapangyarihan at karapatan sa mga likas-yaman sa loob ng rehiyong awtonomo. (Art. III, Sek. 8)

Q *Ano ang saklaw ng kapangyarihan ng Pamahalaang Pangrehiyon sa mga likas-yaman?*

A Ang kapangyarihan at karapatan ng Pamahalaang Pangrehiyon ay sumasaklaw sa:

1. Eksplorasyon;
2. Pagpapaunlad; at
3. Paggamit. (Art. III, Sek. 8)

Q
A

Ano ang kabilang sa mga likas-yaman?

Kabilang dito ang mga sumusunod:

1. Mga karapatan sa ibabaw at ilalim ng lupa;
2. Mga katubigang panloob at baybaying dagat; at
3. Mga napanunumbalik at 'di-napanunumbalik na kayamanan. (Art. III, Sek. 8)

Q

Ano ang limitasyon sa kapangyarihan ng Pamahalaang Pangrehiyon ukol sa likas-yaman sa loob ng ARMM?

A

Ang paggamit ng kapangyarihan at karapatan ng Pamahalaang Pangrehiyon sa likas-yaman sa loob ng ARMM ay dapat sang-ayon sa itinadhana ng Saligang Batas at ng RA 9054. (Art. III, Sek. 8)

Q

Sino ang may pangunahing karapatan sa likas-yaman sa loob ng mga lupaing ninuno na nasa loob ng ARMM?

A

Ang mga Muslim at iba pang pamayanang katutubo ang may pangunahing karapatan sa eksplorasyon, pagpa-paunlad, at paggamit ng mga likas-yaman sa mga pook na naitalaga bilang bahagi ng kanilang mga lupaing ninuno. (Art. III, Sek. 8)



Q

Kinikilala ba ang karapatan ng mga mamamayan ng rehiyong awtonomo na masangguni sa mga usaping may kaugnayan sa kanilang kapaligiran?

A

Oo. (Art. III, Sek. 14)

Q

Paano tinatalakay sa RA 9054 ang pangangalaga sa kapaligiran at likas-kayang pag-unlad?

A

Itinatadhana ng RA 9054 na bigyan ng pangunahing pansin ang pangangalaga, rehabilitasyon at likas-kayang pag-unlad ng mga kagubatan, mga kayamanan sa baybay-dagat at karagatan, kasama na ang pagpapatibay ng mga programa at proyektong nagtitiyak ng pagpapanatili ng balanseng ekolohikal. (Art. III, Sek. 17)

Q

Ang Pamahalaang Pangrehiyon ba ay naatasang mangalaga ng lupaing ninuno at mga lupaing namana sa mga ninuno ng pamayanang katutubo?

A

Oo. Ang Pamahalaang Pangrehiyon ay magsasagawa ng mga hakbang upang mapangalagaan ang lupaing ninuno at mga lupaing namana sa mga ninuno ng pamayanang katutubo. Ang mga hakbang na isasagawa ay dapat naaayon sa Saligang Batas at mga umiiral na batas na nauukol sa mga bagay na ito. (Art. X, Sek. 1)

Q

Ano ang kabilang sa lupaing ninuno ng pamayanang katutubo?

A

Lahat ng lupain at likas-yaman sa rehiyong awtonomo na ari na o tinatahanan ng pamayanang katutubo simula pa noong unang panahon—maliban kung napigilan ng digmaan, mga ‘di-mapaglabanang pamimilit, o iba pang uri ng sapolitang pag-aangkin—ay magiging bahagi ng lupaing ninuno. Ang lupaing ninuno ay kabibilangan ng mga lupang pastulan, pook sambahan, mga libingan, kagubatan at parang at mga yamang mineral. (Art. X, Sek. 1)

Q

Anong mga kayamanan ang hindi kabilang sa lupaing ninuno ng pamayanang katutubo?

A

Ang mga sumusunod ay hindi kabilang:

1. Mga istrategikong mineral gaya ng uranyum, karbon, at petrolyo;
2. Iba pang panggatong na mula sa mga labi (o *fossil*), mga langis mula sa mineral, at lahat ng maaring pagmulan ng magagamit na enerhiya;
3. Mga lawa, ilog at dagat-dagatan;
4. Mga pambansang reserba at liwasang dagatan; at
5. Mga laang gubat at kanlungang-tubig. (Art. X, Sek. 1)

Q

Ang mga laang gubat ba sa loob ng rehiyong awtonomo ay maaring mapasailalim sa pagtotroso?

A

Hindi. Ang mga proklamasyong ipinalabas ng Pamahalaang Pambansa na nagpapahayag na kasama ang mga luma o likas na kagubatan at lahat ng mga kanlungang-tubig sa loob ng rehiyong awtonomo ay nakaproklama rin sa RA 9054. Ang mga laang gubat ay hindi maaring mapasailalim sa anumang uri ng pagtotroso. (Art. X, Sek. 5).

Q

Ano ang epekto ng RA 9054 sa mga konsesyon sa kagubatan, mga lisensya sa kahuyan, o ano mang uri ng kontrata o kasunduan sa mga laang gubat sa loob ng rehiyong awtonomo na iginawad ng Pamahalaang Pambansa o ng Pamahalaang Pangrehiyon na abot sa petsa nang pagtibayin ang batas na ito?

A

Ang mga ito ay kanselado, at mapapawalang-bisa at saysay at hindi mapanunumbalik hanggang tatlumpung taon makalipas ang pagpapatibay ng RA 9054. (Art. X, Sek. 5)

Q

Anong mga parusa ang maaring ipataw sa Pamahalaang Pangrehiyon kapag ang mga laang gubat ay sumailalim sa pagtotroso o pagmimina sa pahintulot, o sa pagpapabaya, ng Pamahalaang Pangrehiyon?

A

Ang mga pondong ibinigay ng Pamahalaang Pambansa, kabilang ang kabahagi ng Pamahalaang Pangrehiyon sa kitang panloob ay maaring pigilin, bawasan, makansela, o isuko sa utos ng Pangulo. (Art. X, Sek. 5).

Q

Itinatadhana ba ng RA 9054 ang paglalaan ng pondo para sa mga proyektong pagpapabalik-gubat at iba pang gawaing pangkapaligiran?

A

Oo. Sampung bahagdan ng mga kabahagi sa buwis sa kitang panloob ng Pamahalaang Pangrehiyon, ng mga lalawigan, mga lungsod, mga bayan at barangay ng rehiyong awtonomo at pati na rin ang mga inilaang gugulin ng Pamahalaang Pambansa para sa pagpapaunlad ng rehiyon ay sadyang gagamitin sa mga proyektong pagpapabalik-gubat at iba pang proyektong pangkapaligiran upang mapagbuti ang pangangalaga at pagpapaunlad ng kapaligiran ng rehiyon. (Art. X, Sek. 5)

Q

Ano ang nararapat na pagkilos ang dapat isagawa ng Pamahalaang Pangrehiyon ukol sa mga korporasyon, kumpanya at iba pang pangkat sa loob ng lupaing ninuno na ang mga gawain ay nakasasama sa balanseng ekolohikal?

A

Dapat ipag-utos ng Pamahalaang Pangrehiyon sa mga pangkat na ito na magsagawa ng mga kinakailangang aksyon upang mapangalagaan, mapanumbalik, mapagbuti, at mapanatili ang nabanggit na balanse. (Art. X, Sek. 5)

Q

Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ba ay maaring magsagawa ng mga batas hinggil sa ekonomiya at mga ari-ariang mana sa mga ninuno (patrimonyo) ng rehiyon?

A

Oo. (Art. XII, Sek. 1)

Q

Ano ang mga limitasyon sa kapangyarihang magsagawa ng mga batas hinggil sa ekonomiya at mga ari-ariang mana sa mga ninuno ng rehiyon?

A

Ang mga batas na ito ay dapat:

1. Naaayon sa Saligang Batas ng Pilipinas at mga umiiral na batas;
2. Tumutugon sa mga pangangailangan ng rehiyong awtonomo. (Art. XII, Sek. 1)

Q

Maaring bang pababaan ng Pamahalaang Pangrehiyon ang mga panuntunan na ipinag-utos ng Pamahalaang Pambansa para sa pangangalaga, konserbasyon at pagpapabuti ng likas-yaman sa rehiyong awtonomo?

A

Hindi. (Art. XII, Sek. 1)

Q

Saan nakasalalay ang pangangasiwa sa eksplorasyon, paggamit, pagpapaunlad, at pangangalaga ng mga minahan at mineral at iba pang likas-yaman sa loob ng rehiyong awtonomo?

A

Ito ay nakasalalay sa Pamahalaang Pangrehiyon alinsunod sa Saligang Batas at sa mga kaukulang tadhana ng RA 9054. (Art. XII, Sek. 5)

Q
A

Ano ang hindi sakop sa pangangasiwang ito?

Ang hindi sakop ay ang mga:

1. Istratehikong mineral gaya ng uranyum, karbon at petrolyo;
2. Iba pang panggatong na galing sa mga labi (o *fossil*), mga langis na mula sa mga mineral, at lahat ng maaring pagmulan ng magagamit na enerhiya;
3. Mga pambansang reserba at liwasang pandagat;
4. Mga laang gubat at kanlungang tubig na tiniyak na ang hanggahan sa ilalim ng kapangyarihan ng Pambansang Pamahalaan. (Art. XII, Sek. 5)

Q

Ano ang kabahagi ng Pamahalaang Pangrehiyon sa mga kita, buwis, at singil na hango sa paggamit at pagpapaunlad ng mga istrategikong mineral?

A

Limampung bahagdan ng nabanggit na mga kita, buwis o singil ay para sa Pamahalaang Pangrehiyon; ang natitirang limampung bahagdan ay para sa Pamahalaang Pambansa. (Art. XII, Sek. 5)

Q

Kailan dapat ipadala ang kabahaging ito sa Pamahalaang Pangrehiyon?

A

Ang nasabing kabahagi ay ipadadala sa Pamahalaang Pangrehiyon sa loob ng 30 araw mula sa pagtatapos ng bawat sangkapat (o *quarter*) na bahagi ng isang taon. (Art. XII, Sek. 5)

Q

Sa paanong paraan hahatiin ang kabahagi ng Pamahalaang Pangrehiyon sa nasabing mga kita, buwis at singil?

A

Ang kabahagi ng Pamahalaang Pangrehiyon sa nasabing mga kita, buwis at singil ay hahatiin sa ganitong paraan:

- a) Tatlumpung bahagdan para sa Pamahalaang Pangrehiyon;
- b) Dalawampung bahagdan sa lahat ng lalawigan;
- c) Labinlimang bahagdan sa lahat ng lungsod'
- d) Dalawampung bahagdan sa lahat ng bayan;
- e) Labinlimang bahagdan sa lahat ng barangay. (Art. XII, Sek. 5)

Q

Sino ang may kapangyarihang maggawad ng prangkisa at konsesyon sa mga lupang sakahan, kagubatan at minahan?

A

Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ang siyang may kapangyarihang maggawad ng mga prangkisa at konsesyon sa mga lupang sakahan, kagubatan at minahan. (Art. XII, Sek. 5)

Q

Ang Punong Pangrehiyon ba ay may kapangyarihang maggawad ng mga kasunduan sa pagpapaupa, mga pahintulot, prangkisa o konsesyon?

A

Wala, maliban na lamang kung siya ay gagawaran ng ganitong kapangyarihan ng Batas Pangrehiyon. (Art. XII, Sek. 5).

Q

Ano ang limitasyon sa pagbibigay ng nabanggit na mga kasunduan sa pagpapaupa, mga pahintulot, prangkisa o konsesyon?

A

Ang mga ito ay hindi lalapas sa mga hangganan o limitasyong pinapahintulutan ng Saligang Batas; hindi rin ito dapat lumampas sa 25 taon. (Art.XII, Sek. 5)

Q

Ano pa ang kailangan para sa pagbibigay ng mga pahintulot, lisensiya, prangkisa at konsesyon sa likas-yamang nasa loob ng mga hangganan ng isang lupaing ninuno?

A

Ang ganitong mga pahintulot, lisensiya, prangkisa at konsesyon ay ibibigay ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan matapos lamang na magsagawa ng mga pagsangguni sa mga kinauukulang pamayanang katutubo. (Art. XII, Sek. 5)

Q

Sino ang maaring gumamit at magpaunlad ng mga likas-yaman sa rehiyong awtonomo?

A

Ang eksplorasyon, pagpapaunlad at paggamit ng ganitong mga likas-yaman, maliban sa mga istrategikong mineral at iba pang nabanggit sa Sek. 5 ng Art. XII, ay ipauubaya sa lahat ng mga mamamayan at pribadong negosyo, kabilang ang mga korporasyon, samahan, kooperatiba at iba pang katulad na pangkat na kung saan ang 60 bahagdan ng kapital ay direktang pinanghahawakan o nasa pagmamayari ng mga mamamayan. (Art. XII, Sek. 6)

Subali't, ang mga mamamayan na naninirahan sa rehiyong awtonomo ay siyang may pangunahing karapatan, alinsunod sa itinatadhana ng RA 9054. (Art. XII, Sek. 7)

Q

Ano ang karapatan at pananagutan ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ukol sa eksplorasyon, paggamit, pagpapaunlad at pangangalaga ng mga likas-yaman, kasama na ang mga minahan at mineral, maliban na lamang sa mga istrategikong mineral na tinutukoy sa RA 9054?

A

Ipinag-uutos ng RA 9054 sa Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan na isabatas ang mga regulasyong ukol sa eksplorasyon, paggamit, pagpapaunlad at pangangalaga ng mga likas-yamang nabanggit. (Art. XII, Sek. 8)

Q

Ano ang pananagutan ng Pamahalaang Pangrehiyon ukol sa nabanggit na eksplorasyon, paggamit, pagpapaunlad at pangangalaga?

A

Sa sandaling maisabatas na ang mga regulasyon sa eksplorasyon, paggamit, pagpapaunlad at pangangalaga, ang Pamahalaang Pangrehiyon ay magtatakda, alinsunod sa batas, ng mga alituntunin at patakaran at magpapataw ng mga kaugnay na takdang singil. (Art. XII, Sek. 8)

Q *Ano ang epekto ng batas na ipinagtibay ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan at ang mga alituntunin at patakaran itinakda ng Pamahalaang Pangrehiyon sa mga singil na ipinataw ng Pamahalaang Pambansa sa eksplorasyon, paggami, pagpapaunlad at pangangalaga ng likas na kayamanan kasama ang mga minahan at mineral sa loob ng rehiyong awtonomo?*

A Ang mga singil na ipinataw ng Pamahalaang Pangrehiyon alinsunod sa batas mga alituntunin at patakaran ay siyang hahalili sa mga singil na ipinataw ng Pamahalaang Pambansa. (Art. XII, Sek. 8).

Q *Sino ang may kapangyarihang mamahala sa maliitang pagmimina sa rehiyong awtonomo?*

A Ang maliitang pagmimina ay pangangasiwaan ng Pamahalaang Pangrehiyon upang mapangalagaan ang balanseng ekolohikal, kaligtasan at kalusugan, at mga interes ng pamayanang katutubo, mga minero at mga mamamayang naninirahan sa pook na pinagmiminahan. (Art. XII, Sek. 9)



Q

Ano ang tungkulin ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan na may kaugnayan sa mga mamamayang nasugatan, nasaktan o napipinsala dahil sa paggamit ng mga likas at mineral na yaman sa rehiyong awtonomo?

A

Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ay magsasagawa ng mga batas para sa kapakinabangan at kagalingan ng mga mamamayang ito. (Art. XII, Sek. 13)

Q

Anong mga alituntunin ang maaring maging bahagi ng mga batas na ito?

A

Maaring kabilang ng mga batas na ito ang pagbabayad ng makatarungang bayad-pinsala at paglilipat-tirahan ng mga mamamayan at rehabilitasyon ng mga pook na napinsala sa paggamit ng mga likas at mineral na yaman. Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ay maari ring mag-utos na ang mga responsable sa mga pinsalang nabanggit ay managot sa kabuuan o bahagi lamang ng halaga ng bayad-pinsala, paglilipat-tirahan at rehabilitasyon. (Art. XII, Sek. 13)

Q

Ano ang pananagutan ng Pamahalaang Pangrehiyon tungkol sa pagbabalik-kagubatan?

A

Ang Pamahalaang Pangrehiyon ay aktibong magsasagawa ng mga hakbang sa pagbabalik-kagubatan upang matiyak na hindi bababa sa 50 bahagdan ng ibabaw ng lupa ng rehiyong awtonomo ay matatamnan ng mga puno, unang-una na sa mga pook na kanlungang-tubig, mga pitak ng lupa sa gilid ng mga ilog at batis at baybayin ng mga lawa at karagatan sa loob at hangganan ng rehiyong awtonomo. (Art. XII, Sek. 14)

Q

Ano ang tungkulin ng Pamahalaang Pangrehiyon tungkol sa mga nakalalason o mapanganib na mga materyal?

A

Ipagbabawal ng Pamahalaang Pangrehiyon ang paggamit, pag-aangkat, paglalagak, pagtatapon at pagtatambak ng mga nakalalason o mapanganib na materyal sa loob ng rehiyong awtonomo. (Art. XII, Sek. 15)

Q

Maari bang magsagawa ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ng mga kodigong pampangisdaan at pang-katubigan para sa rehiyong awtonomo?

A

Oo. Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ay maaring magsagawa ng mga kodigong pampangisdaan at pang-katubigan na magpapabuti, magpapaunlad, magpapanatili at mangangalaga sa mga yamang-dagat at katubigan, maging sa mga karapatan ng mga maliliit na mangingisda. Ang pangangalagang ito ay sasaklaw sa dagat pangisdaan at lahat ng katubigang may layong 15 kilometro mula sa baybayin ng rehiyong awtonomo. (Art. XII, Sek. 24)

Q

Sino ang may pangunahing karapatan sa paggamit, pagpapaunlad, pagpapanatili at pangangalaga ng mga papalaot na pangisdaan?

A

Ang mga lalawigan (kasama ang mga munisipalidad) at lungsod sa loob ng rehiyong awtonomo ang may pangunahing karapatan. (Art. XII, Sek. 24)

Q

Ano pang ibang batas ang iniaatas na pagtibayin ng Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan tungkol sa yamang katubigan at pangisdaan?

A

Ang Pangrehiyong Kapulungang Pambatasan ay magsasagawa ng:

- a.) Kagyat na pagbabatas upang matiyak na ang mga manggagawang pangisdaan ay tatanggap ng karampatang kabahagi mula sa kanilang paggawa sa paggamit, produksyon at pagpapaunlad ng yamang-dagat at pangisdaan;
- b.) Kagyat na pagbabatas upang paunlarin ang agham, teknolohiya at iba pang larangan para sa pangangalaga at pagpapanatili ng ekolohiya ng katubigan at karagatan; at
- c.) Batas na magtatatag ng Kawanihan sa Pagsasaka at Pangisdaan para sa rehiyong awtonomo at magtatalaga ng kanyang komposisyon, mga kapangyarihan at katungkulan.

**Regional Legislative Assembly
Autonomous Region in Muslim Mindanao
Cotabato City**

Committee on Environment and Ecology

Chair: Hon. SUHARTO S. MIDTIMBANG
2nd District, Maguindanao

Vice Chair: Hon. SAAYUDIN M. ALAUYA, JR
2nd District, Lanao del Sur

Members:

Hon. Jackson M. Bandila
1st District, Maguindanao

Hon. Alexander B. Menor
2nd District, Lanao del Sur

Hon. Umbrah A. Datumanong
2nd District, Maguindanao

Hon. Rajam M. Akbar
Lone District, Basilan

Hon. Kabir E. Hayudini
First District, Sulu

Hon. Rouholla H. Abdurajak
2nd District, Sulu

Hon. Anuar J. Abubakar
Lone District, Tawi-Tawi

Ex- Officio Member


Hon. Ismael B. Abubakar, Jr.
Speaker

Hon. Hatimil E. Hassan
Majority Floor Leader

Hon. Paisalin P. Tago
Minority Floor Leader

Hon. Suharto S. Midtimbang
Speaker Pro-Tempore

Organizational Structure



EcoGovernance



Development Alternatives, Inc.